
## Banghay-Aralin sa Edukasyon sa Araling Panlipunan VI

**May-Akda: Rhoda Mae C. Briones**
**Designation: Teacher III**
**Paaralan:New Washington Elementary School**




**I. Layunin**

1. Naisasagawa ang mga tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyong makabubuti sa pamilya
2. Nasusuri nang mabuti ang mga bagay na may kinalaman sa mapanuring pag-iisip

**II. Paksang-Aralin**

1. ***Pamagat:*** "Tight Times"
2. ***May-akda:*** Jeanette C. Patindol/
3. ***May-guhit:*** Sergio T. Bumatay III
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagkakaroon ng katatagan ng loob, pagkamatiyaga, pagkamapagtiis, at pagpapasalamat sa mga biyaya

**III. Pamamaraan**

1. **Pagganyak**

Kanta: Ang Eambong Kong Gisi

Panuto: Sabayan ang kantang "Ang Eambong Kong Gisi" habang ipinapakita ang larawan ng batang inilalarawan ng kanta.

**Ang Eambong Kong Gisi**

| | (Translation) |
|---|---|
| Ang eambong kong gisi | *(Ang damit kong punit)* |
| Solo minte eamang | *(Nag-iisa lamang)* |
| Maumog man ngani | *(Kapag madumihan )* |
| Ay nanay nga eabhan | *(Lalabhan ni Nanay)* |
| Isuksok man dayon | *(Isusuot din kaagad)* |
| Nga indi maameroean | *(Na walang almirol)* |
| Basta eang makaadto | *(Basta makapasok)* |
| Ako sa eskoylahan. | *(Ako sa paaralan)* |
| | |
| Oras nga mag recess | *(Kung oras ng recess)* |
| Tiyempo't tigpaeahuway | *(Panahon ng pagpapahinga)* |
| Ro mga inunga, ga bakae it tinapay | *(Ang ibang mga bata bumubili ng tinapay)* |
| Ga tueok eang ako nga masinueb-un | *(Nakatingin lang ako nang napakalungkot)* |
| Alinon si nanay owa't napabaeon. | *(Kasi si nanay walang maipabaon)* |
| Kon pobre ro iba, mas pobre guid kami | *(Kung pobre ang iba, mas pobre pa kami)* |
| Mantener balinghoy, mantener kamote | *(Tiis sa kamoteng-kahoy, tiis sa kamote)* |
| Makasamit humay tiyempo't tig aeaeani. | *(Nakakatikim ng kanin panahon pa ng ani)* |

*Note: Ang kanta ay "contextualized" na bahagi ng aralin. Alam ng mga bata ang kantang ito mula pa sa unang baitang. Ito ay kanta ng mga Akeanon (Aklanon) tungkol sa pagtitiis at katatagan dahil sa kahirapan nila sa buhay. Maaaring gumamit ng ibang tula o kanta na naaangkop sa inyong lugar patungkol sa kahirapan o mahirap na buhay o karanasan. ng kahirapan.*

1. Ano ang inyong naging damdamin sa kanta?




Copyright © 2017 by Ayala Foundation

2. Ano kaya ang ipinahihiwatig ng kanta?
3. Bakit may mga ganitong sitwasyon sa ating lipunan?

**2. Paghawan ng Balakid**

Gawain: Pagbuo ng Word Map
Grupo: Pandalawahan
Panuto: Pag-usapan at isulat ang inyong pagkakaintindi sa salita sa gitna. Magtulungan sa pagbuo ng inyong mga sagot.
Mga salitang maaaring gamitin- *taggipit, kahirapan, pagtitiis, matatag, pag-asa, kuntento*




**3. Pagbasa ng Kuwento**

Mode of Delivery: Interactive Read-Aloud

Panuto: Imbitahan ang mga mag-aaral na maupo malapit sa iyo sa sahig. Magbilin na dalhin ang kwaderno at bolpen. Ipaalala na sila'y kabahagi mo sa pagkukuwento at paminsan-minsa'y may katanungang kailangan nilang tugunan at ibahagi pasulat man o pasalita.

Sabihin: Tingnan ang ating bagong aklat. Ano sa tingin ninyo ang ating kuwento ngayon? Ano kayang karanasan ang ating matutunghayan? (Ibahagi ang mga prediksyon sa mga mag-aaral at bigyan ng pagkakataong malaman ang pamagat, nagsulat, gumuhit, at maikling pagsasalarawan ng tauhan ng kuwento.)

(Maging huwaran ng Think Aloud sa pagbabasa sa mga bahagi ng kuwento na maaaring maging lunsaran ng kaisipan sa mga importanteng pangyayari sa kuwento,)



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Sentence Starters:
1. Siguro…
2. Ito'y nagpapaalala sa akin…
3. Ito'y nagpapahiwatig na…
4. Di ko maintindihan…



Sino ang may tamang hula kanina tungkol sa ating kuwento? Ano ang ibig nitong ipahiwatig? Paano mo ito nasabi?

Ano kaya ang mga dahilan kung bakit sila nakaranas ng taggipit?



Paano inilarawan ng bubuwit ang taggipit na nararanasan?
Ano ang mapapansin mo sa sinabi niyang, "Pero masaya ako may itlog pa akong nakakain?"

**4. Pagkatapos Bumasa**

**a.** Talakayan
Panuto: Sabihan ang mga mag-aaral sa pumunta sa kanilang "task group." Ipamahagi ang "Questionnaire Guide" na gagamitin sa malayang talakayan.

| Target sa Lider: Basahin ang mga sumusunod na mga pangungusap. Malayang pag-usapan at ibahagi ang karanasan, saloobin, at pananaw sa inyong mga kasama. Pagkatapos ng lahat, ibahagi rin ang iyong sariling ideya tungkol sa mga pangungusap. | | |
|---|---|---|
| | Sang-ayon | Di Sang-ayon |
| a. Lahat ay nakararanas ng taggipit. | | |
| b. Ang kahirapan ay tanda ng kahinaan. | | |
| c. Ang kahirapan ay tanda ng katatagan. | | |
| d. Hindi masamang maging mahirap. | | |
| e. Hindi kasalanan ang maging mayaman. | | |
| f. Nasusubok ang samahan ng pamilya sa oras ng kagipitan. | | |
| g. Mainam ang nag-iipon para sa oras ng taggipit. | | |



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

| | | |
|---|---|---|
| h. Pili lamang ang taong yumayaman. | | |
| i. Ang taong mahirap ay tamad. | | |
| j. Bibihira ang mapagpasalamat sa oras ng kagipitan. | | |
| k. Maraming problema kapag ipinanganak kang dukha. | | |
| l. Kinakaawaan ang dukha. | | |
| m. Problema ng bansa ang mga mahihirap. | | |
| n. Mayroon ding matagumpay na mga mahihirap. | | |
| o. Ang taong nagigipit, sa patalim kumakapit. | | |
| p. Ang kahirapan ay hindi hadlang sa matagumpay na kinabukasan. | | |
| q. Walang imposible sa taong matatag at masipag. | | |
| r. Habang may buhay, may pag-asa. | | |
| s. Walang nakagapos sa kahirapan. | | |


*Para sa guro: Maaaring bawasan o dagdagan ng item ang questionnaire guide.*

***b.*** Pangkatang-Gawain

Panuto: Sa pangkat ng talakayan sa naunang gawain, ang bawat miyembro ay pupunta sa kani-kaniyang task group at isasagawa ang kasanayang lilinangin habang ibinabahagi ang pinag-usapan sa questionnaire guide. Pagkatapos muling babalik sa orihinal na grupo at ibabahagi ang kahusayan sa kasanayang nalinang.

**Word Wizard - Pagpapalawak ng Salita**

Maghanap ng salita na may kinalaman sa kabuuang kuwento. Palawakin ito gamit ang “word builder.”





**Discussion Leader – Mapanuring mga Tanong**

Magsulat ng mga tanong tungkol sa binasa na nais mong pag-usapan ng inyong grupo. Basahin ang iyong mga katanungan sa grupo at bigyan ang lahat ng pagkakataong makasagot. Ibahagi ang sariling sagot matapos sumagot ang lahat ng iyong kagrupo.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Sentence Starters:
Paano kung_______________?
Ano sa tingin niyo_______?
Bakit kaya ____________?
Kung ikaw si ________, ano ang gagawin mo kapag___________? Bakit?
Maaari bang___________kung___________?
Tanong #1________________________________________________
Iyong Sagot _______________________________________________
Tanong #2________________________________________________
Iyong Sagot _______________________________________________
Tanong #3________________________________________________
Iyong Sagot_______________________________________________
Tanong #4________________________________________________
Iyong Sagot_______________________________________________



**Life Connector - Kaugnayan ng Kuwento sa Totoong Buhay**
Maghanap ng mga bahagi sa kwento na nakapagpapaalala sa iyo ng isang karanasan sa iyong buhay o sa buhay ng iyong mga kakilala. Ilarawan ang kaugnayan nito sa kwento. Tanungin ang iyong mga kagrupo kung may maiuugnay din sila sa pangyayaring ito.

**Maalaala Mo Kaya!**

Nang mabasa ko ang bahaging ito— *“walang silbi ang pagdaing, mainam ang*



Ipinaalala sa aking– *Ganyan din si nanay, lagi niyang sinasabi na mas mabuting magpasalamat kaysa magreklamo. Mahirap lang kami kaya dapat maging kuntento sa buhay at magpasalamat sa kung ano*

**Summarizer –Tagapagbuod**
Magsulat ng buod na naglalarawan sa mga mahahalagang pangyayari sa kuwento. Basahin ang iyong buod at anyayahan ang bawat miyembro ng grupo na ibahagi ang kanilang paboritong pangyayari sa kuwento.

Pamagat

Tagpuan-kung saan nangyari ang kwento

Ang kuwento ay_____________________________________________
______________________________________________________________

Tauhan ang mga gumanap sa kwento

a. Si_____________________________________________________
b. Si _____________________________________________________
c. Ang mga ________________________________________________



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Ang kuwento ay tungkol sa ______________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

**Artist- tagaguhit**
Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita ng isang mahalagang pangyayari sa kuwento. Kapag kayo ay bumalik na sa inyong orihinal na grupo, pag-isipan at isalarawan ang nakikitang eksena.Ikuwento ang inilalarawan matapos makasagot ang lahat.



Ano ang nangyari sa bahaging ito ng kwento? Bakit mo ito nagustuhan?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

**IV. Paglalapat**
Sumulat ng liham-pasasalamat para sa iyong mga magulang dahil sa kanilang katatagan at kasipagan.

**V. Pagpapahalaga**
Anu-ano ang maaari ninyong gawin upang maipakita ang pasasalamat sa mga nagawa ng magulang upang kayo ay mapalaki nang maayos?

**VI. Takdang-Aralin**
Magdala ng larawan o guhit ng inyong pamilya, at humandang magkuwento tungkol sa inyong samahan.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation